Pangalan: ______________________________________________ Pangkat: _______
Petsa : __________________________________________________ Marka: _______

# WORKSHEET 4
# QUARTER 3
# GRADE VI

## Ang Pagtatanggol sa Kalayaan at Teritoryo ng Bansa

**Kasanayan**:

1. Nasasabi ang mga ahensyang may kinalaman sa paglutas ng suliranin para maipagtatanggol ang teritoryo ng bansa.

2. Nabibigyang-katwiran ang mga ginawang hakbang ng pamahalaan para malutas ang suliranin ng pagtatanggol ng mga mamamayan sa kalayaan at hangganan ng teritoryo ng bansa

**BASAHIN**

"Ang pagtatanggol sa estado ay Pangunahing tungkulin ng pamahalaan at sambayanang Pilipino at sa ikatutupad ng tungkuling ito ang lahat ng mamamayan ay maaaring utusan ng batas na magkaloob ng personal na serbisyo o sibil sa ilalim ng kondisyong itinakda." May dalawang uri ng panganib na dapat ipagtanggol ang bansa, ang Panlabas at panloob na panganib. Panloob na panganib ay tumutukoy sa ibat ibang uri ng krimen gaya ng pagnanakaw,kidnaping, pagbebenta at pagbili ng ipinagbabawal na gamot at iba pa, rebelyon at iba pang uri ng mapanghimagsik na pangyayari sa loob ng teritoryo ng bansa. Ang Panlabas na panganib ay tumutukoy sa pagsalakay at pagsakop ng ibang bansa sa ating teritoryo.

Itinatag ang Hukbong Sandatahang Lakas ng Pilipinas para tiyakin ang ganap na kapangyarihan ng estado at integridad ng pambansang teritoryo.

Mga sangay nito

Sandatahang lakas ng Pilipinas o Armed Forces of the Philippines:

- Hukbong Katihan (Philippine Army) sila ang nagproprotekta sa bansa laban sa mga dayuhang mananakop.

- Hukbong Pandagat (Philippine Navy)bantay-dagat sila ang nanghuhuli sa mga taong nagpupuslit ng mga produktong walang buwis

- Hukbong Panghimpapawid (Philippine Air Force) sila ang tanod sa himpapawid na sakop ng Pilipinas.

Ang iba pang ahensya na nangangalaga para sa kapayapaan, kaayusan at

pagpapanatili sa seguridad ng mamamayan:

- Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o Department Interior Local

LIVEWORKSHEETS

Government (DILG)

- Pambansang Pulisya ng Pilipinas o Philippine National Police (PNP)

- Kagawaran ng Ugnayang Panlabas o Department of Foreign Affairs (DFA)

- Kagawaran ng Kapaligiran at LIkas na Yaman o Department of Environment and Natural Resources (DENR)

**GAWAIN 1**

Panuto: Suriing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang Tama kung ito ay makatotohanan at Mali kung hindi.

____1. Kailangang masugpo natin ang lahat ng krimen sa bansa upang ang bansa ay tahimik at maayos.

____2. Ang Hukbong Panghimpapawid ay ang tagabantay laban sa mga iligal na pumapasok sa bansa.

____3. Kailangang idaan sa diplomatikong pamamaraan ang usaping pangkapayapaan hinggil sa pagtatanggol sa teritoryo upang maiwasan ang suliranin.

____4. Hindi kailangang makipag-ugnayan ang bansang papaunlad pa lamang sa mga bansang maunlad na.

____5. Ang pagtatanggol sa teritoryo at nasasakupan ay karapatan ng isang bansa..

**GAWAIN 2**

Panuto: Isulat sa patlang ang salitang hinihingi sa bawat pahayag.

________1. Itinatag ito upang mabigyan ng proteksyon ang bansa laban sa mga mananakop.

________2. Sila ang tagabantay laban sa mga iligal na pumapasok sa bansa.

________3. Tinagurian silang bantay sa papawiring sakop ng bansa.

________4. Ito naman ang ahensyang nangangalaga sa kaayusan at kapayapaan ng bansa laban sa mga kidnapper, magnanakaw at iba pa.

________5. Isinasaad nito ang Pangunahing tungkulin ng pamahalaan at sambayanan ang pagtatanggol sa teritoryo ng estado.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**:**PARA SA ARALING TERITORYO AT ESTADO**

Bisitahin ang link na ito.

https://quizizz.com/join/quiz/5d2c1ceaf9d165001be2262f/start?studentShare=true

LIVEWORKSHEETS